

## **HILUMIN MO, BAYAN KO**

By: Jamie Rivera

<https://theworshipsongs.com>

Kung ang bayan ko ay maninikluhod  
Sabay sabay sa pagsamo  
Sa pangalan ko maninikluhod  
At tatalikdan ang 'di wasto

Sa Langit diringgin Ko  
Patatawarin ang sala niyo  
Sa tuwina'y diringgin Ko  
Hihilumin ang bayan niyo

Panginoon hilumin Mong bayan ko  
Aming samo magbalik ang bayang ito sa Iyo  
Panginoon dinggin at hilumin Mong bayan ko  
Patawarin Mo't hilumin ang bayan ko

Kami po ngayon ay sumasamo  
Dalangin ng aming puso  
Sa pangalan Mo maninikluhod  
At tatalikdan ang 'di wasto

Aming Diyos sa Iyong awa  
Patawarin sa'ming sala  
At nawa'y kami'y dinggin  
Bayan namin ay hilumin

Panginoon hilumin Mong bayan ko  
Aming samo magbalik ang bayang ito sa Iyo  
Panginoon dinggin at hilumin Mong bayan ko  
Patawarin Mo't hilumin ang bayan ko

Panginoon hilumin Mong bayan ko  
Aming samo magbalik ang bayang ito sa Iyo  
Panginoon dinggin at hilumin Mong bayan ko  
Patawarin Mo't hilumin ang bayan ko  
(Panginoon dinggin at hilumin Mong bayan ko)  
Patawarin Mo't hilumin ang bayan ko